

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 3:
ANO ANG NAIS MONG IPARATING?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



PATNUBAY NG GURO

Alternative Learning System - Accreditation and Equivalency (ALS-A&E)

**JUNIOR HIGH SCHOOL: KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 3 (ANO ANG NAIS MONG IPARATING?)**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 3: Ano ang Nais Mong Iparating?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Ano ang Nais Mong Iparating?

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong guro sa paaralan at ALS at pamribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng ALS Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral sa ALS.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang guro/tagapagpadaloy sa ALS, inaasahan na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paggamit ng modyul na ito. Kinakailangan din na masubaybayan ang paglago ng mag-aaral sa kanilang pamamahala sa sariling pagkatuto. Higit sa lahat inaasahan din na iyong hihikayatin at gagabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.

Sa tulong ng gabay na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Naipaliliwanag ang pinagmulan ng salita (etimolohiya) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-24)
- Natutukoy ang payak na salita mula sa salitang maylapi (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-25)
- Natutukoy/nabibigyang kahulugan ang mga: matatalinghagang salitang ginamit sa pangungusap, kuwento, alamat, tula, pahayag na binasa (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-20)

Ang gabay sa sesyon ay inihanda para sa tatlong aralin na kalakip ng modyul na may paksang:

Aralin 1: Ang Etimolohiya ng mga Salita

Aralin 2: Ang Salitang-ugat at Paglalapi

Aralin 3: Mga Matatalinghagang Salita

Ang **panimulang pagsubok** ay ibibigay sa mga mag-aaral bago simulan ang unang aralin sa modyul. Maglaan ng ibang oras/araw sa pagsagot nito. Ito ay makikita sa bahaging **Subukin Mo** ng kalakip na modyul, pahina 3. Gayundin naman pagkatapos ng huling aralin, kailangang sagutin ang **Pagtataya** bilang panapos na pagsubok na nasa pahina 40. Ito ay hudyat na maaari nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Ang Etimolohiya ng mga Salita Gabay sa Sesyon: Aralin 01

I. Layunin

1. Naipaliliwanag ang pinagmulan ng salita (etimolohiya) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-24)

II. Paksa

- A. **Aralin 1:** Ang Etimolohiya ng mga Salita
- B. **Kagamitan:** Slides na naglalaman ng paksang tatalakayin, projector, Kopya ng modyul, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

Kumustahin ang nakaraang paunang pagsubok.

Itanong: *Saang bahagi ng pagsusulit kayo nahirapan?*

Hayaang magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang natuklasan habang inililista ng guro ang mga puntong dapat niyang bigyang-pansin sa pagtalakay.

Pagganyak

Magtanong o tumawag ng mga mag-aaral na magkukuwento tungkol sa pinaghanguan ng kani-kanilang mga pangalan.

Sabihin: *May kuwento ba sa likod ng inyong mga pangalan?*

Hayaan ang mga mag-aaral na magkuwento tungkol sa pinanggalingan ng kanilang pangalan.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Sabihin: *Katulad ng inyong pangalan na may iba't ibang kuwento, ang ating wika ay mayaman din sa ganitong paraan.*

Ipakita ang mga salitang – chika, matsika, tsikadi sa isang slides o nakasulat sa strips.

Itanong: *Pamilyar ba kayo sa mga salitang ito? May alam ba kayo sa pinagmulan at ibig sabihin ng mga salitang ito?*

PATNUBAY NG GURO 1

Ipabasa ang tekstong *Chikadora* na nasa Tuklasin, pahina 8-9 at ipabahagi ang kanilang mga sagot sa mga kaugnay na tanong.

Pag-usapan ang mga sagot ng mga mag-aaral at bigyang-diin sa pag-uusap ang sumusunod na tanong.

- a. Mula sa salitang tsika o chika, ano-ano pang salita ang nabuo mula dito?
- b. Ayon sa iyong naunawaan, ipaliwanag mo ang pinagmulan ng salitang chikadora.

2. Pagtatalakayan

Ipagawa ang sumusunod:

- a. Talakayin ang ibinigay na salita sa Chikadora- chika, matsika, tsikadi at ang mga kahulugan nito.
- b. Ipaliwanag ang kahulugan ng etimolohiya at isa-isahin ang mga salitang Filipino na hango sa Wikang Intsik, Hapon, Espanyol at Ingles, gayundin ang kahulugan nito.
- c. Gabayan ang mag-aaral sa pagpapaliwanag ng etimolohiya ng mga salitang hiram o sariling atin sa tulong ng rubrik na inihanda.

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
ISPELING, BANTAS AT AYOS NG PANGUNGUSAP	Wasto ang ispelings, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispelings, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispelings, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

PATNUBAY NG GURO 1

3. Paglalahat

Itanong:

Ano ang etimolohiya? Ano ang kahalagahan nito sa ating wika? Ipaliwanag.

Ipasagot ang tanong sa tulong ng graphic organizer o isang performance task tulad ng akrostik o awtentikong gawain.

4. Pagpapahalaga

Sabihin at itanong: Sa kabuoan, mahalagang malaman ang pinagmulan ng bawat salitang namumutawi sa ating mga labi upang lalo natin itong mapahalagahan. Subalit bilang mag-aaral, ano ang implikasyon nito sa ating kultura at pagpapahalaga?

5. Paglalapat

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 14. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto at ang rubrik sa pagpapaliwanag nito. Maaari ding gawing batayan sa pagwawasto ang ibinigay na rubrik sa ibaba.

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
ISPELING, BANTAS AT AYOS NG PANGUNGUSAP	Wasto ang ispeliling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeliling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeliling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

4 ANO ANG NAIS MONG IPARATING?

IV. Pagtataya

Ipagamit ang rubrik sa pagpapaliwanag ng etimolohiya ng sumusunod na salita:

1. lumpiya
2. karate
3. boksing
4. tambay
5. ditse

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
ISPELING, BANTAS AT AYOS NG PANGUNGUSAP	Wasto ang ispelings, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispelings, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispelings, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

V. Karagdagang Gawain

Ipasaliksik ang etimolohiya ng sumusunod na salita at ipagamit ang rubrik sa pagpapaliwanag sa pagsulat nito sa kanilang kuwaderno.

1. tsibog
2. habagat
3. japayuki
4. paraluman
5. praning

Ang Salitang-Ugat at Paglalapi Gabay sa Sesyon: Aralin 02

I. Layunin

1. Natutukoy ang payak na salita mula sa salitang maylapi (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-25)

II. Paksa

- A. **Aralin 2:** Ang Salitang-ugat at Paglalapi
- B. **Kagamitan:** Slides na naglalaman ng paksang tatalakayin, projector, Kopya ng modyul, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Ipagawa ang sumusunod na awtentikong gawain nang sabay-sabay:

- a. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Magpakita ng tatlong salita sa slides na may kaakibat na larawan.
- b. Sa loob ng 3 minuto, hayaang ipaliwanag ng bawat pangkat ang etimolohiya ng bawat salita sa paraang pasulat at simpleng iskit na naglalarawan ng bansang pinagmulan ng salita maging ang kahulugan nito.

tsibog

praning

paraluman

Bigyan ng kaukulang pabuya ang pangkat na makabubuo at makapagpaliwanag nang wasto ayon sa pamantayan ng gawain.

2. Pagganyak

Sabihin: Ngayong alam mo na ang pinagmulan o etimolohiya ng ilang mga lokal o hiram na salita, atin namang alamin kung paano nabubuo ang mga salitang ating ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Ipakita ang slides na naglalaman ng larawan at mga salita tulad ng:
kapangyarihan - makapangyarihan
galit - pinagalitan
bigay - binigyan

Itanong: Nakikita mo ba kung paano nagkaroon ng panibagong salita ang salitang nakalarawan? Ano kaya ang tawag dito?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipamasid sa mga mag-aaral ang punongkahoy sa gawaing “Tuklasin” sa pahina 16.

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng obserbasyon tungkol sa kanilang nakikita at nauunawaan sa nasabing larawan.

Ipasagot ang tanong na:

Ano-anong mga salita ang ikinabit o isinama sa mga salitang nasa ugat upang mabuo ang mga salitang nasa mga dahon? Magbigay ng halimbawa.

Ano ang tawag sa mga ikinabit o isinamang ito sa mga salitang nasa dahon?

Magkakaugnay ba ang mga salitang nasa dahon at mga ugat? Ipaliwanag.

2. Pagtatalakayan

Ipagawa ang sumusunod na gawain:

- a. Pag-usapan sa klase ang mga sagot sa tanong sa “Tuklasin”
- b. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konsepto na nakapaloob sa paggamit ng panlapi sa mga salitang-ugat upang makababuo ng panibagong salita at pagpapakahulugan.
- c. Bigyan ng malinaw na pagpapaliwanag ng kahulugan ng salitang-ugat, paglalapi at ang iba’t ibang uri nito.


Itanong:

Paano nakaaapekto sa paggamit ng mga salita ang paglalagay ng panlapi?

3. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagbuo ng isang concept map na tumutugon sa tanong na:

Paano nagkakaroon ng iba't ibang anyo ang isang payak na salita? Ilarawan ang iyong sagot sa tulong ng concept map.



4. Pagpapahalaga

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain I ng Linangin na matatagpuan sa pahina 19. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

5. Paglalapat

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II ng Linganin na matatagpuan sa pahina 19. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Isagawa" na matatagpuan sa pahina 20.

Panuto: Kompletuhin ang hinihingi sa bawat kahon. Lagyan ng panlapi ayon sa uri ng hinihingi nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

SALITANG UGAT	UNLAPI	GITLAPI	HULAPI	KABILAAN	LAGUHAN
sampalok					
			sigawan		
	madugo				
		sinikap			
				nagtalunan	

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Tukuyin ang salitang ugat ng mga salitang maylapi. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

- _____ 1. bumalik
- _____ 2. natulog
- _____ 3. umaraw
- _____ 4. lumindol
- _____ 5. subukan
- _____ 6. itulak
- _____ 7. makialam
- _____ 8. galawin
- _____ 9. nagbago
- _____ 10. sayawan

Mga Matatalinghagang Salita Gabay sa Sesyon: Aralin 03

I. Layunin

1. Natutukoy/nabibigyang kahulugan ang mga: matatalinghagang salitang ginamit sa pangungusap, kuwento, alamat, tula, pahayag na binasa (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-20)

II. Paksa

- A. **Aralin 3:** Mga Matatalinghagang Salita
- B. **Kagamitan:** Slide na naglalaman ng tatalakaying paksa, projector, Kopya ng modyul, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Magpakita ng mga istrip na kinalalagyan ng mga payak na salitang: takot asim simot bango

Sabihin: *Sa tulong ng mga panlaping iyong natutuhan, bumuo ng panibagong salita mula sa mga salitang-ugat na nasa pisara.*

Pagkaraang matukoy ang panibagong salita mula sa mga salitang-ugat, isunod nang pag-usapan ang awput sa ibinigay na karagdagang gawain.

2. Pagganyak

Magpakita ng mga slides ng mga larawan gaya ng nasa ibaba.



Mahuhulaan mo ba ang mga salitang ipinahihiwatig ng mga larawan? Kaya mo bang sabihin ang kahulugan nito?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Sabihin: Totoong mahirap maunawaan ang ilang mga salita lalo't bihira mo itong marinig at gamitin. May mga katulad ba nitong mga salita o pahayag kayong madalas marinig?

Tama. Karaniwan na ninyong naririnig ang pahayag na ito:



Ilan naman sa inyo ang madalas magsunog ng kilay kapag malapit na ang eksam?

Katulad ng pangunahing tauhan sa tekstong Biyaheng Pangarap, alamin kung ano ang kinahinatnan ng pagsusunog niya ng kilay. Ipabasa ang teksto sa pahina 22-23.

2. Pagtatalakayan

Ipagawa ang sumusunod na gawain:

- a. Pag-usapan ang mga sagot sa tanong na pang-unawa ng tekstong Biyaheng Pangarap.
 - Tungkol saan ang teksto?
 - Bakit hindi naging hadlang kay Jessa Mae ang kaniyang pinagmulan para maging isang negosyante?
 - Dapat nga bang tumulong sa iyong kapuwa kung ikaw ay nagtagumpay sa iyong pangarap?
 - Sa iyong palagay, makatapos kaya siya ng pag-aaral kung hindi siya pinag-aral ng kaniyang pinagtatrabahuhan? Pangatuwiran.
 - Sang-ayon ka bang matatalino lang sa klase ang nagtatagumpay sa buhay? Ipaliwanag ang iyong punto.
- b. Ipatukoy ang mga matatalinghagang pahayag na ginamit sa teksto at ipaliwanag ang mga kahulugan nito sa tulong ng pahiwatig na mga salita.

- c. Ipasuri ang mga halimbawa ng matatalinghagang salita na maaaring magamit bilang eupemistikong pahayag na nasa pahina 25-27.

3. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa tulong ng graphic organizer sa pagsagot sa tanong na:

Paano matutukoy ang ibig ipakahulugan ng mga matatalinghagang salita?

4. Pagpapahalaga

Itanong:

Tunay nga bang nakatutulong ang mga eupemistikong pahayag upang kalingain ang damdamin ng taong pinatutungkulan nito? Pangatwiranan.

5. Paglalapat

Ipagawa sa mga mag-aaral ang **Gawain I** at **II** ng **LINANGIN** na matatagpuan sa pahina 28-31. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 32. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

PATNUBAY NG GURO 3

- I. Ipatukoy ang kahulugan ng mga initimang matatalinghagang salita sa pangungusap.
1. Marami na ang kaniyang pangako na magbabayad siya ng kaniyang kompromiso subalit napansin kong tulad ito ng **pagsuweldo ng tulisan**.
A. pagdating ng suweldo C. sabi niya sa makalawa
B. kapag nagkapera D. di mangyayari
 2. Lagi nang nakahanda ang aking panyo sa **makabagbag damdaming** pelikulang Filipino.
A. nakakainis C. nakakatakot
B. nakalulungkot D. nakakanerbiyos
 3. Bakit hinahayaan mong **hawakan ka sa leeg** ng iyong amo? Di ka pa ba nakababayad ng utang sa kaniya? Magsabi ka ng totoo!
A. sunud-sunuran C. pigilan
B. sinasaktan D. inaapi
 4. Kailangang mag-aaral nang mabuti upang hindi ka mabansagang **pagpaging alimasag**.
A. mahina C. walang laman
B. sakitin D. tamad
 5. Huwag kang mahiya kay Mayor matagal ko na siyang **kahiramang suklay**. Kaya't siguradong di ka niya tatanggihan..
A. pinagkakatiwalaang tauhan C. katrabaho
B. kakilala D. matalik na kaibigan
 6. Kahit ano pa ang sabihin mo, hindi ko na **bubuksan itong puso** ko sa ibang lalaki.
A. magtitiwala C. muling magmamahal
B. magpapagawa D. magpapa-opera

7. Akala ko **suntok sa buwan** ang makatuntong sa sekundarya pero tingnan mo, ilang buwan na lang ay aakyat na ko ng entablado.
- | | |
|-------------------|------------------------|
| A. mahirap abutin | C. malayong makarating |
| B. matagal | D. mabilis |

II. Para sa bilang 8-10, ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 32.

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang kahulugan ng sumusunod na matatalinghagang salita/pahayag. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

- _____ 1. putok sa buho
- _____ 2. natutulog sa pansitan
- _____ 3. parang sirang plaka
- _____ 4. luha ng buwaya
- _____ 5. ibaon sa hukay

PAUNANG PAGSUBOK

SUBUKIN MO

GAWAIN I

PAHINA 3

1. A
2. B
3. D
4. C
5. B

GAWAIN II

PAHINA 4

1. C
2. C
3. A
4. A
5. C

GAWAIN III

PAHINA 5

1. **dyak-en-poy** - mula sa salitang hapon na “jakenpoy” na ang kahulugan ay uri ng laro na ginagamitan ng kamay na hinuhugis ng batos, papel, at gunting; tinatawag din itong bato-bato-pik.
2. **silya** - mula sa salitang Espanyol na “silla” na ang ibisabihin ay pang-isahang upuan, may sandalan, at karaniwang may apat na paa; ibang tawag sa Filipino: upuan/salumpuwit.
3. **sorbetes** - mula sa salitang Espanyol na “sorbet” na ang ibig sabihin ay gawa mula sa gatas ng kalabaw at inihahain sa apa; karaniwang inilalako
4. **baryo** - mula sa salitang Espanyol na barrio na ang ibig sabihin ay isang maliit na lugar na may sariling pamumuno.
5. **kotse** - mula sa salitang Espanyol na “coche” na ang ibig sabihin ay isang uri ng transportasyon.

ARALIN 1: ETIMOLOHIYA NG SALITA

LINANGIN

PAHINA 14

1. **kinarir** - isang salitang Pinoy na hango sa salitang idyomang Ingles na “*making a career out of it*” at mula din sa salitang Espanyol na “*carrera*”; tumutukoy sa pagiging pursigido sa isang gawain.
2. **jologs** - isang salitang Pinoy na nagmula sa salitang jolens – tawag sa mga tagahanga ni Jolina Magdangal, isang 90’s teen icon. Tinawag silang jologs na sa kalaunan ay naiugnay sa salitang baduy o bakya na ang ibig sabihin ay mura; ito ay naglalarawan sa mga tao o bagay na hindi mawari at mumurahin at baduy; tumutukoy rin ito sa kombinasyong ulam ng mahihirap na daing, tuyo at itlog.
3. **selfie** - isang wikang Australyano na nagsimulang gamitin sa Pilipinas nang magpost ng retrato si Jennifer Lee, isang aktres sa bansa sa kaniyang Instagram ng “selfie” para sa pagbabago noong 2012;
4. **tsugi** - isang salitang hindi naman Hapon, subalit may katumbas na ispeleng na tsugi; ito’y isang salitang Pinoy na bahagi ng mga gay lingo o swardspeak idyolek, na mula sa salitang sibak na ligwak na naging tsugi. Tsugi ang isang bagay, karanasan, lugar, tao at pagkatao kapagka negatibo ang dating. Tsugi ang kabaligtaran ng wagi o winner. Tumutukoy rin ito sa tao, bagay, karanasan o pangyayari na hindi kanais-nais o hindi pumasa sa pamantayan.
5. **salbakuta** - isang salitang Bikolnon na ginagamit pa noong panahon ng Espanyol na hango sa salitang “*salvaje*” na nangangahulugang mabangis, mailap, taong-bundok; tinatawag din itong *hijo de puta* (Espanyol) na nangangahulugang anak ng puta o masamang babae, patutot, burikak at iba pa. Karaniwang ito ay ginagamit na ekspresyon sa pagmumura at pantawag sa mga bagay na kakaiba. Naging tanyag ang salitang Bikolnon na ito nang gamiting pangalan ito ng tatlong Bikolnong rapper o hiphop artist na nagpasikat ng awiting “S2PID LUV”.

ISAGAWA

GAWAIN I AT II

PAHINA 15

Tatanggapin ang lahat ng sagot kung ito ay nakaangkop sa rubrik.

MGA SUSI SA PAGWAWASTO

PAGTATAYA

PAHINA 8

1. **lumpiya** - mula sa salitang Intsik na “lunpia” na ang kahulugan ay pagkaing sinahugan ng giniling na karne, gulay at rekado na binalot mula sa harina.
2. **karate** - mula sa salitang Hapon na tumutukoy sa uri ng martial arts.
3. **boksing** - mula sa salitang Ingles na tumutukoy sa uri ng larong pampalakasan na gumagamit ng kamao.
4. **tambay** - mula sa salitang Ingles na “stand by” na ang ibig sabihin ay paghihintay o pagtigil sa isang lugar na walang gingagawang makabuluhan.
5. **ditse** - mula sa salitang Intsik na “dichi” na tawag sa ikalawang nakatatandang babae.

KARAGDAGANG GAWAIN

PAHINA 9

1. **tsibog** – isang salitang Pinoy na ang ibig sabihin ay pagkain o kumain. Nagmula sa salitang Espanyol na “chicha” or tsitsa”.
2. **habagat** - isang salitang Pinoy na ang ibig sabihin ay hangin mula sa kanluran, karaniwang malakas, may dalang lamig at ulan.
3. **japayuki** - mula sa salitang Hapon na “karayuki-san” na ang ibig sabihin ay mga batang Haponesa sa prostitusyon; tumutukoy sa mga babaeng nagtatrabaho sa Japan bilang mananayaw o tagapagtanghal .

ARALIN 2: SALITANG-UGAT AT PAGLALAPI

TUKLASIN

PAHINA 18

2. Ang mga salitang ikinabit o isinama sa mga salitang nasa ugat upang mabuo ang mga salitang nasa mga dahon ay **in, um, ma, at an**
3. **Panlapi** ang tawag sa mga ikinabit sa unahan, gitna at hulihan ng mga salitang nasa mga dahon.
4. Magkakaugnay ang mga salitang nasa dahon at mga ugat sapagkat tumutukoy ito sa iisang konsepto subalit dahil sa panlapi nabago ang anyo at kahulugan nito.

LINANGIN

PAHINA 22

GAWAIN I

SALITANG MAYLAPI	SALITANG UGAT	PANLAPING GINAMIT
1. umasim	asim	-um
2. kabutihan	buti	ka-, -han
3. kalikasan	likas	ka-, -an
4. natulog	tulog	na-
5. basahin	basa	-hin
6. tuhugin	tuhog	-in
7. pinagsumikapan	sikap	pinag-, -um-, -an
8. kinilala	kilala	-in-
9. limasin	limas	-in
10. kilatisin	kilatis	-in

PAHINA 22

GAWAIN II

1. hulapi
2. unlapi
3. kabilaan
4. laguhan
5. gitlapi

ISAGAWA

PAHINA 23

SALITANG UGAT	UNLAPI	GITLAPI	HULAPI	KABILAAN	LAGUHAN
sampalok	magsampalok	sinampalok	sampalukan	nagsampalukan	nagsinampalukan
sigaw	pagsigaw/ nasigaw	sinigaw/ sumigaw	sigawan	nagsigawan/ magsigawan	pinagsumigawan
dugo	madugo	dinugo/ dumugo	duguan	nagduguan/ pinagduguan	pinagdinuguan
sikap	nagsikap/ masukap	sinikap	sikapin/ sikapan	pinagsikapan	pinagsumikapan
talon	pagtalon	tumalon/ tinalon	talunin	nagtalunan	nagtinalunan

KARAGDAGANG GAWAIN

PAHINA 13

1. balik
2. tulog
3. araw
4. lindol
5. subok
6. tulak
7. alam
8. galaw
9. bago
10. sayaw

ARALIN 3: MATALINHAGANG SALITA

PAHINA 25

TUKLASIN

1. Ang teksto ay tungkol kay Jessa Mae na nagtagumpay sa buhay sa kabila ng kanilang kahirapan.
2. Hindi naging hadlang ang kaniyang pinagmulan upang magtagumpay dahil hindi siya nahiyang magbanat ng buto sa murang edad upang may makain. Nagpakita siya ng katapatan at kasipagan na naging dahilan upang siya ay pagkatiwalaan at pag-aralin ng kaniyang mga amo.
3. Ang pagtulong sa kapuwa ay walang pinipiling kondisyon. Mahirap ka man o maykaya sa buhay ay mayroon kang maitutulong. Kaya kung may pagkakataon ka sa lahat ng oras ay dapat tumulong.
4. Naniniwala akong makatapos si Jessa Mae sapagkat may ambisyon siya sa buhay. Determinado siya, kahit mahirap kakayanin.
5. Hindi lahat ng matalino sa klase ay nagtatagumpay. Higit na kailangan ng isang tao ang determinasyon at pananalig upang magtagumpay. Kasi minsan, kahit na matalino kung walang determinasyon na makatapos ng pag-aaral dahil sa ibang sagabal tulad ng pagtatrabaho, walang panggastos o maagang pag-aasawa ay nababalewala rin. Mabuti pa ang katamtaman lang sa klase ngunit matiyaga kahit nahihirapan, iyon ang nagtatagumpay. Minsan naman kahit walang hilig sa pag-aaral kung determinadong umasenso dahil sa masipag at madiskarte ay nagtatagumpay at yumayaman din. Higit sa lahat, kailangang gamitin ang talino sa kabutihan at may pananalig sa Diyos upang magtagumpay.

LINANGIN

PAHINA 32

GAWAIN I

- | | |
|------|-------|
| 1. c | 6. h |
| 2. e | 7. f |
| 3. g | 8. j |
| 4. i | 9. a |
| 5. b | 10. d |

MGA SUSI SA PAGWAWASTO

Sa iyong palagay, kabayaran
ba ng kaniyang kasakiman
ang nangyari sa kaniya?
Pangatwiranan



Naniniwala akong walang masamang
gawain na nagdudulot ng kabutihan.
Kung kaya't ang nangyari sa kaniya ay
kaparusahan dahil sa panloloko niya
sa paniking humihingi ng kaniyang
tulong subalit kaniyang kinain maging
ang mga kasama nito.

ISAGAWA

PAHINA 17

1. D
2. B
3. A
4. C
5. D
6. C
7. A

ISAGAWA

PAHINA 36

1. Nag-aagaw-buhay - malapit nang mamatay; naghihingalo
2. Bantay-salakay - taong masugid na nagmamatiyag sa paligid
o sa kaniyang kapuwa at naghihintay lamang ng pagkakataon
upang maisagawa ang kaniyang binabalak
3. Maghahalo ang balat sa tinalupan - magkakagulo

KARAGDAGANG GAWAIN

PAHINA 18

1. **putok sa buho** - walang ina/ama; ampon
Malimit umiyak si Jose kapag nakikipaglaro sa labas ng bahay, kasi sinasabihan siyang putok sa buho.
2. **natutulog sa pansitan** - walang alam
Madalas kapag may pinag-uumpukan ang mga tsismosa hindi siya makapagsalita kasi natutulog siya sa pansitan.
3. **parang sirang plaka** - paulit-ulit; makulit
Kapag matigas ang ulo ng anak mo, kailangang maging sirang plaka ka para maintindihan.
4. **luha ng buwaya** - pakunwaring pag-iyak
Dapat kung mag-aartista ka siguraduhin mong di tulad sa luha ng buwaya para paniwalaan ka.
5. **ibaon sa hukay** - kalimutan
Dapat ibinabaon na sa hukay ang mga hindi magandang karanasan sa ating buhay para makapagsimula tayo.

PAGTATAYA

GAWAIN I - ETIMOLOHIYA NG SALITA

PAHINA 40

1. **kumusta** - isang salitang Espanyol na como estas na ang ibig sabihin ay pagbati upang malaman ang kalagayan ng isang tao; karaniwang sinasabi sa mga matagal na di nagkita.
2. **huweteng** - isang salitang Intsik na tumutukoy sa uri ng laro na nagpapares ng numero; itinuturing na ilegal na sugal.
3. **titser** - isang salitang Ingles na tumutukoy sa guro; tawag sa taong nagtuturo o nagpapasa ng karunungan sa mga mag-aaral.
4. **katana** - isang salitang Hapon na tumutukoy sa uri ng espada na matalim na ginagamit sa pakikipaglaban.
5. **susi** - isang salitang Intsik na tumutukoy sa pambukas sa bagay na nakakandado.

MGA SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN II - SALITANG UGAT AT PAGLALAPI

PAHINA 41

SALITANG MAYLAPI	URI NG MAYLAPI	SALITANG-UGAT
1. malakas	unlapi	lakas
2. unahan	hulapi	una
3. gumamit	gitlapi	gamit
4. pigilan	hulapi	pigil
5. magdinuguan	laguhan	dugo

GAWAIN III - MGA MATATALINHAGANG SALITA

PAHINA 41

1. C
2. A
3. C
4. C
5. B
6. D
7. A
8. B
9. C
10. B

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph